# Abiso para sa Verity Health System, St. Francis Medical Center, St. Vincent Medical Center, at Seton Medical Center

**Ipinapanukalang Pagbebenta**

Sinusuri ng Attorney General ang ipinapanukalang pagbebenta ng St. Francis Medical Center, isang ospital na may 314 na lisensiyadong kama para sa pangkalahatang panandalian at agarang pangangalaga (acute care) na matatagpuan sa Lynwood, California, St. Vincent Medical Center, isang ospital na may 339 na lisensiyadong kama para sa pangkalahatang panandalian at agarang pangangalaga na matatagpuan sa Los Angeles, California, at Seton Medical Center, isang ospital na may 250 lisensiyadong kama para sa pangkalahatang panandalian at agarang pangangalaga na matatagpuan sa Daly City, California. Ang "Kasunduan Para sa Pagbili ng Ari-Arian"(Asset Purchase Agreement) ay sa pagitan ng Verity Health System of California, Inc., isang hindi pangkalakal na korporasyon para sa benepisyo ng publiko sa California, Verity Holdings, LLC, isang kompanya na may limitadong pananagutan sa California, St. Francis Medical Center, isang hindi pangkalakal na korporasyon para sa benepisyo ng publiko sa California, St. Vincent Medical Center, isang hindi pangkalakal na korporasyon para sa benepisyo ng publiko sa California, St. Vincent Dialysis Center, Inc., isang hindi pangkalakal na korporasyon para sa benepisyo ng publiko sa California, at Seton Medical Center, isang hindi pangkalakal na korporasyon para sa benepisyo ng publiko sa California, bilang Mga Tagabenta, at Strategic Global Management, Inc., isang korporasyong pangkalakal sa California bilang Tagapamili. Hiniling ng Mga Tagabenta na suriin ng Attorney General ang isinumite bilang kahilingan para sa pahintulot sa ipinanukalang pagbebenta sa Tagapamili sa ilalim ng Seksiyon 5914 ng Kodigo ng Mga Korporasyon ng California (California Corporations Code Section 5914), at pati na rin bilang kahilingan para baguhin ang mga naunang Kondisyong ibinigay ng Attorney General noong Disyembre 3, 2015, sa ilalim ng Titulo 11, Seksiyon 999.5, subdibisyon (h) ng Kodigo ng Mga Regulasyon ng California (Title 11, California Code of Regulations, Section 999.5, subdivision (h)).

Ang mga tuntunin ng ipinanukalang pagbebenta ay nakalahad sa nakasulat sa abiso sa Attorney General. Kung nais mong humiling ng kopya ng nakasulat na abiso sa CD, mangyaring makipag-ugnayan kay Scott Chan sa scott.chan@doj.ca.gov o (415) 510-3430 at ibigay ang iyong pangalan at address na papadalhan ng sulat. Maaari ding suriin ang mga kopya ng nakasulat na abiso tuwing regular na oras ng negosyo sa mga sumusunod na lokasyon:

Verity Health System
Mga Tanggapan ng Korporasyon
Administrasyon – Jessica Davis
2040 E Mariposa Avenue
El Segundo, CA 90245
(424) 367-0711

St. Francis Medical Center
Administrasyon
Tanggapan ng CEO – Stephanie Kopp
Medical Office Plaza
3628 E. Imperial Hwy, Suite 400
Lynwood, CA 90262

St. Vincent Medical Center
Administrasyon
Tanggapan ng CEO – Robert Yesko
2131 W. 3rd St.
Los Angeles, CA 90057
(213) 484-5511

Seton Medical Center
Administrasyon
Tanggapan ng CEO
1900 Sullivan Ave
Daly City, CA 94015
(650) 991-6400

Seton Medical Center – Coastside
Mga Administratibong Tanggapan
600 Marine Blvd
Moss Beach, CA 94038
(650) 563-7160

Mahahanap din ang mga kopya ng nakasulat na abiso sa mga sumusunod na website:

https://verity.org/

https://stfrancis.verity.org/SFMC/

https://seton.verity.org/SMC/

https://stvincent.verity.org/SVMC/

https://setoncoastside.verity.org/SMCC/